

Mag-ingat sa paligid ng riles ng tren

Mag-ingat sa Pagbibisikleta: Gawin ang pinakamahalagang paghinto ng iyong araw.

Hindi makakahinto ang mga tren, pero magagawa mo ito. Ilang segundo lang ang kinakailangan para maging ligtas sa paligid ng mga tren. Narito ang ilang puwedeng gawin para hindi ka mapahamak kapag nasa paligid ng mga tren ng Link, Sounder, at Tacoma Link.

1) Tumingin sa Magkabilang Direksyon

Palaging asahang may pangalawang tren! Nagmumula sa magkabilang direksyon ang mga tren, kaya palaging maging alerto sa paligid mo.

2) Dumaan sa mga crosswalk, huwag sa mga shortcut

Ang mga tren ang palaging magkakaroon ng right of way, kaya maging alerto sa mga senyas trapiko. Huwag lalampas o lulusot sa mga gate ng tawiran sa riles—may dahilan kung bakit ka inililihis ng mga ito. Baka sa tingin mo ay may sapat kang oras para makatawid ng riles, pero huwag nang magtantya.

3) Tanggalin ang headphones, huwag tumingin sa mga telepono

Hinding-hindi humahantong sa positibong resulta kapag nakatuon ang atensyon sa ibang bagay kapag malapit sa riles. Itago ang iyong telepono, para magawa mong manatiling alerto sa kinaroroonan mo.

4) Manatiling nasa likod ng dilaw na linya

Ang dilaw na strip ay gumagawa ng boundary sa pagitan ng tren at ng platform ng istasyon. Humakbang palayo at tumingin sa harap, para matiyak na malayo ka sa daraanan ng mga tren. At huwag ring tatakbo sa lugar na ito—baka sa tingin mo ay mabilis ka, pero lubos na mas mabilis ang mga tren.

5) Magbisikleta sa matalino at ligtas na paraan.

Tumingin sa Mga Gulong Mo Kapag Nasa Paligid ng Riles! Palaging tandaan na maging alerto kapag nakasakay sa bisikleta o scooter kapag nasa paligid ng riles ng tren. Kapag tatawid ng riles nang nakasakay, tiyaking nasa legal na tawiran ka, tumingin sa magkabilang direksyon at maingat na tumawid ng riles. At palaging tumawid ng mga riles nang right angle (90 degrees) para maiwasang maipit sa riles ang mga gulong mo.